

WEST NILE VIRUS



Ang West Nile Virus (WNV) ay isang mapanganib na sakit na makikita sa Estados Unidos. Naunang sakit sa mga ibong gubat, ang WNV ay maaari ring kumalat sa mga tao at iba pang mga hayop sa pamamagitan ng mga nakahahawang lamok.

Ang mga lamok ang nagkakalat ng West Nile Virus

- ❖ Nahahawaan ang mga tao ng virus sa pamamagitan ng kagat ng lamok na nahawaan ng WNV.
- ❖ Hindi lahat ng lamok ay nahawaan ng WNV, ngunit mas nakabubuti na iwasan ang mga lamok bilang pangkalahatang pag-iingat.

Bawasan ang panganib ng pagkakasakit - Ang pag-iwas ay nagsisimula sa tahanan

Huwag Magparami ng mga Lamok.

Nangingitlog ang mga lamok sa tubig na walang agos at kayang kumpletuhin ang siglo mula itlog hanggang gulang sa loob ng limang araw lamang.



- ❖ Siyasatin at tanggalin lahat ng pinanggagalingan ng tubig na walang agos. Ang mga lamok ay nangingitlog sa kahit kakaunting tubig.
- ❖ Ang isang palanguyan na hindi mabuting nililinis ay maaaring pangitlugan ng libu-libong mga lamok linggu-linggo.
- ❖ Palitan ang tubig sa mga mababaw na palanguyan, paliguan ng mga ibon at inuman ng mga alagang hayop linggu-linggo. Maglagay ng mga isdang kumakain ng lamok sa mga dagat-dagatan at harding tubig.

Huwag magpapapasok ng lamok sa inyong tahanan.

- ❖ Siguruhing mayroong mahigpit na nakakabit na tela-metalika ang mga pinto at bintana.
- ❖ Ayusin o palitan ang mga tela-metalika na may mga punit o butas.

Bawasan ang inyong panganib sa mga kagat ng lamok.

- ❖ Bawasan ang paglipas ng oras sa labas kung kailan pinakamasigla ang mga lamok habang gabi o maagang oras sa umaga (mula takipsilim hanggang madaling araw).
- ❖ Kung kailangan ninyong lumabas sa mga oras na ito, magsuot ng mahabang pantalon, kamisadentrong mahaba ang manggas at iba pang kasuotan na makakapananggalang sa mga kagat ng lamok.
- ❖ Gumamit ng mga spay para sa insekto (Ang 10-30% DEET ay para sa mga nasa gulang at mga bata 2 buwang gulang pataas) sa mga bahagi ng katawan na hindi natatakpan ayon sa mga tagubilin sa lakip.



Sintomas ng pagkakahawa ng WNV

Hindi lahat ng nahawaan ay magkakasakit

- ❖ 80% ng mga nahawaang tao ay hindi makararanas ng sintomas.
- ❖ **Lagnat West Nile:** 1 sa 5 (20%) ng mga nahawaang tao ay makararanas ng sintomas gaya ng lagnat, sakit sa ulo, at mga sakit sa katawan, pagkahilo, pagsusuka, at minsan ay namamagang lymph glands o butlig butlig ng balat sa dibdib, tiyan at likod. Ang mga sintomas ay maaaring tumagal ng kasing ikli ng ilang araw, ngunit kahit ang mga malulusog na tao ay nagkasakit ng ilang linggo.

- ❖ **Sakit na Neuroinvasive ng West Nile:** 1 sa 150 pagkakahawa ay humahantong sa malubhang sakit gaya ng meningitis, encephalitis o pagkalumpo ng mga kalamnan. Kasama sa mga sintomas ang sakit sa ulo, mataas na lagnat, paninigas ng leeg, pagkatuliro, pagkawalang-ulirat, coma, panghihina ng kalamnan, o pagkalumpo. Ang paggaling ay pangmatagalan at ang mga epektong neurological ay maaaring maging permanente.
- ❖ Ang matatanda at mga taong madaling mahawa (gaya ng mga may HIV/AIDS o diyabetis) ay pinakamataas ang peligro na pagkakaroon ng malubhang sakit.
- ❖ **Kung inaakala ninyong taglay ninyo ang mga sintomas na ito o may anumang katanungang medikal, maaari po lamang na kumunsulta sa inyong tagabigay ng pangangalaga ng kalusugan.**

Tulongan kaming tuklasin ang WNV sa lungsod ng LA

Pagmamatyag ng mga Patay na Ibon:

Iulat ang lahat ng mga patay na ibon sa:

- ❖ Beterinaryo Pamublikong Kalusugan ng Lokalidad ng Los Angeles: **1-877-747-2243**
- ❖ Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng California: **1-877-WNV-BIRD**



Ang mga ibong may sakit o patay ay napakabuting babala ng pagkakaroon ng WNV sa kabayanan. Bagaman hindi malilipon ang lahat ng mga ibon, ang inyong tawag ay mahalaga sa pagtulong sa Lungsod, Estado at Pambayang pamamahala at pagpupunyaging pagsubaybay ng mga lamok.

NOTA: Ang palagiang pakikitungo sa mga ibon (buhay o patay) o iba pang mga hayop ay hindi maaaring makalipat ng WNV sa mga tao. Ang mga patay na ibon ay maaaring itapon ng walang peligro sa basurahan sa pamamagitan ng paggamit ng mga guwantes o supot na plastik kung saan ilalagay ang katawan ng patay na hayop sa loob ng basurahan.

Para sa karagdagang impormasyon, dumalaw sa www.LAPublicHealth.org o tumawag sa (800) 975-4448 (iba't ibang wika)

Mga Distrito ng Pambayang Pamamahala ng Lamok at Vector

Makipag-alam sa inyong pambayang ahensya ng pamamahala ng lamok para sa mga problema sa lamok sa inyong tirahan o pinagtatrabahuhan:

- ❖ Distrito ng Pamamahala ng Lamok at Vector ng Antelope Valley (www.avmosquito.org) **661-942-2917**
- ❖ Distrito ng Pagpapahupa ng Lamok ng Compton Creek **310-639-7375**
- ❖ Distrito ng Pamamahalang Vector ng Kalakhang Lungsod ng Los Angeles (www.glacvcd.org) **562-944-9656**
- ❖ Distrito ng Pamamahalang Kanlurang Vector ng Lungsod ng Los Angeles (www.lawestvector.org) **310-915-7370**
- ❖ Distrito ng Pamamahala ng Lamok at Vector ng San Gabriel Valley (www.sgvmosquito.org) **626-814-9466**
- ❖ Programa ng Pamamahalang Vector ng Long Beach **(562) 570-4132**
- ❖ Programa ng Pamamahalang Vector ng Pasadena **(626) 744-6004**



COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health

www.lapublichealth.org